# City-run hospitals at health centers sa QC, inalerto ni Mayor Joy B

Inalerto ni Quezon City Mayor Joy Belmonte ang lahat ng city-run hospitals at ang 10 Super Health Centers upang umalalay at ayudahan ang lahat ng mabibiktima ng firecracker-related incidents sa lungsod kaugnay ng pagsalubong ng Bagong Taon.

Ani Belmonte, round the clock na nakaalerto ang mga city-run hospitals tulad ng QC General Hospital, Rosario Maclang Bautista General Hospital at Novaliches District Hospital gayundin ang 10 Super Health Centers kagabi at hanggang ngayon upang tulungan ang mga mabibiktima ng paputok.

"It's better to be prepared for any eventuality than be caught offguard in case of emergencies," sabi ni Belmonte.

"Our ten Super Health Centers are open 24 hours and are activated to assist and treat firecracker victims while our barangay health centers are placed on call to assist constituents with minor injuries," dagdag ni Belmonte.

Kaugnay nito, inatasan ni Belmonte ang City Health Department na isumite sa kanyang tanggapan ang centralized data ng lahat ng firecracker-related cases.

Tiyak naman ng DRRM sa tulong ng mga barangays na may medical personnel at drivers ang bawat ambulansiyang nakatalaga sa bawat 142 barangays ng QC upang tumugon sa anumang tawag at pagresponde sa anumang emergency.

Ang Quezon City Police District (QCPD) naman ang magmomonitor at aaksyon sa anumang crime-related cases at may nakakalat na tauhan sa bawat barangay para matiyak na ang firecracker zones at iba pang kaukulang firecracker guidelines ay maayos na nasusunod. *(Angie dela Cruz)*